Republika ng Pilipinas
**Kagawaran ng Edukasyon**
Rehiyong Administratibo ng Cordillera
**Sangay ng Lungsod ng Tabuk**

DepED
Schools Division of Tabuk City
RELEASED
By: ___
AUG 2 0 2026 Time: 9:05

**Office of the Schools Division Superintendent**

19 AGOSTO 2026

**PANSANGAY NA MEMORANDUM**
**Blg. 375, S. 2026**

## POKUS NA TALAKAYAN AT WORKSHOP HINGGIL SA PAGSUSURI NG MGA RESULTA NG ELLN AT PAGBUO NG MGA ESTRATEHIYA PARA SA PAGPAPAHUSAY NG PAGGANAP NG MGA MAG-AARAL

Sa: Hepe ng CID
EPS-Filipino
Mga Pampurok na Tagamasid sa mga Tukoy na Paaralan
Mga Pinuno ng mga Tukoy na Pampublikong Paaralan
Lahat ng Kabahagi

1. Ang resulta ng pagsusuri sa Early Language, Literacy, and Numeracy (ELLN) - Filipino para sa Taong Panuruan 2025-2026 ay nagpapakita ng mga hamon sa pagganap ng mga mag-aaral sa larangan ng pagbasa at wika, sa ilang paaralan. Dahil dito, magsagawa ng Kolaboratibong pagsusuri ang Schools Division Office sa pamamagitan ng CID EPS-Filipino ng Virtual Focus Group Discussion (FGD) at Workshop sa Agosto 25 at 28, 2028 upang matukoy ang mga salik at suliraning nakaapekto sa resulta ng pagtatasa at makapaglatag ng mga angkop na interbensiyon para sa patuloy na pagpapabuti ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

2. Layunin ng gawaing ito na:

   A. mailahad at masuri ang resulta ng ELLN Assessment ng mga natukoy na paaralan para sa Taong Panuruan 2025-2026;
   B. matukoy ang mga bottleneck o hadlang na nakaapekto sa pagganap ng mga mag-aaral sa pagbasa at numerasiya;
   C. masuri ang mga ugat na sanhi ng mga hamon sa likod ng resulta ng ELLN batay sa datos at karanasan ng mga paaralan;
   D. magabayan ang mga pinuno ng mga paaralan upang makabuo ng mga estratehiya, interbensiyon, at plano ng pagkilos upang mapabuti ang resulta ng ELLN; at
   E. makapaglatag ng mga kasunduang hakbang para sa epektibong pagpapatupad at pagmamatyag ng mga napagkasunduang interbensiyon.

3. Inaasahan ang pagdalo sa virtual na gawain sa mga tukoy na petsa at oras ang mga kalahok sa gawaing ito ay ang mga punongguro at kinatawang

**Address:** Bulanao Central School Cmpd., Purok 2, Bulanao Norte, Tabuk City, Kalinga
**Email:** tabuk.city@deped.gov.ph
**Website:** https://www.depedtabukcity.com DepEd Tayo Tabuk City
BAGONG PILIPINAS

guro (higit na mainam kung Master Teacher) ng mga sumusunod na paaralan sa pamamagitan ng meeting link na ipadadala sa kanila apat na oras bago magsimula ang bawat gawain:

| Mga Paaralan | Pokus | Petsa at Oras |
|---|---|---|
| 1. Mallong ES<br>2.Binongsay ES<br>3.Guilayon IS<br>4.Sotto ES<br>5.Casigayan ES<br>6. Southern Tabuk IS<br>7. Malalao ES<br>8. Bulanao East ES<br>9. Balatoc PS<br>10. Masablang ES | Pagsusuri ng resulta ng ELLN Assessment;<br>Paggabay sa pagtukoy sa mga bottleneck o hadlang na nakaapekto sa pagganap ng mga mag-aaral sa pagbasa at wika, at pagsusuri ng mga ugat na sanhi ng mga hamon sa likod ng resulta ng ELLN batay sa datos at karanasan ng mga paaralan | Agosto 25, 2026<br>4:00-5:00 NH |
| | Pagbuo ng mga estratehiya, interbensiyon, at plano ng pagkilos upang mapabuti ang resulta ng ELLN at makapaglatag ng mga kasunduang hakbang para sa epektibong pagpapatupad at pagmamatyag ng mga napagkasunduang interbensiyon | August 28, 2006<br>2:00-4:00 NH |
| | Pagmamanman ng mga tagapagmasid sa pagpapatupad ng mga pinagkasunduan | Setyembre 2026-Marso 2027 |

4. Hinihikayat ang mga paaralan na gamitin ang parehong estratehiyang matututuhan upang matugunan ang mga isyu at hamon sa iba pang mga pagtatasa at ebalwasyon ng programa sa kani-kanilang paaralan.

5. Ipinag-uutos ang pagtalima sa memorandum na ito.

[redacted]

**CHRISTOPHER C. BENIGNO PhD, EdD, CESO VI**
Assistant Schools Division Superintendent
OIC - Schools Division Superintendent

[redacted]

*cid/dmld//memo_TA_re 2025_ELLN_19/08/26*

**Address:** Bulanao Central School Cmpd., Purok 2, Bulanao Norte, Tabuk City, Kalinga
**Email:** tabuk.city@deped.gov.ph
**Website:** https://www.depedtabukcity.com DepEd Tayo Tabuk City